

ARTICLE

# Ingon Ani Lang Man Gud Mi: Mga Kuwento at Karanasan ng mga Trans Pinay sa Lungsod ng Davao [We Are Just Like This: Stories and Experiences of Trans Pinays in Davao City]

Rey Mart Lapiña

ABSTRAK

Ang artikulong ito ay naglalayong ilahad ang mga kuwento at karanasan ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao. Gamit ang danas ng may-akda bilang batis ng datos, susubukang bigyan ng mukha ang kanilang mga magkakaiba ngunit konektadong karanasan kung paano binibigyang-malay ang kanilang kasarian at seksuwalidad sa kanilang komunidad, paaralan, trabaho, at pamahalaan. Binibigyang-diin ng papel ang mga kuwento kung paano hinaharaya ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao ang kanilang mga sarili lalo na sa pagharap nila sa hamong dala ng pag-transition at pagiging trans sa kalahatan. Bilang panghuli, nilalayon ng artikulong ipakita ang imahen ng mga trans pinay na iba sa Kanluraning perspektiba ng pagiging trans, na may pagkiling sa kanilang mga personal at kolektibong pakikibaka.

MGA SUSING SALITA

trans pinay, kuwento at karanasan, lungsod ng Davao, pag-transition

ABSTRACT

This article aims to unfold the stories and experiences of the trans pinays in Davao City. Using the familiarity of the author as the source of data, it will try to give an image to the individual yet connected experiences of the trans pinays on how their community, school, work, and government make sense of their gender and sexuality. This paper puts importance to the stories on how the trans pinays in Davao City imagine themselves especially when facing the challenges brought by transitioning and being trans in general. Finally, this article intends to convey the image of the trans pinays away from the Western perspective of transness, by highlighting their personal and collective struggles.

KEYWORDS

trans pinay, stories and experiences, Davao City, transitioning

1-26

## Panimula

*“Laban lang g’yud ta ani, wang!”*

Hindi ko naiwasang narinig ang pag-uusap ng dalawang trans pinay<sup>1</sup> sa loob ng dyip na sinakyan ko pauwi galing sa isang mall sa Ecoland, Lungsod ng Davao. Suut-suot nila ang kanilang mga identification card na galing sa isang BPO company na naroon din sa nasabing mall ang opisina. Naging paksa ng kanilang pag-uusap ang kanilang mga agam-agam at pangamba sa magiging takbo ng kanilang buhay at pamilya sa hinaharap. Bakas sa kanilang mga salita ang kawalang-katiyakan sa trabahong kanilang pinapasukan. Tanda ko pa na naibahagi ng isa sa kanila sa kaniyang kasama na huling buwan na niya iyon sa trabaho. Habang papahinto ang dyip dahil sa kanilang pagpara, isang *“laban lang g’yud ta ani, wang!”* [lalaban lang talaga tayo wang!] ang naging pagtatapos ng kanilang pag-uusap. Isang pariralang tanda ng paglaban at pagharap sa hamon ng buhay. Bumaba sila. Samantalang ako ay naiwan sa dyip, nakasandal sa mangitim-ngitim na sandigan at nakahawak sa kinakalawang na tubo.

Sa pag-uwi ko sa aming tahanan hindi mawala sa aking isipan ang tagpong iyon. Nahihiwagaan ako sa tapang at positibong pananaw ng mga trans pinay sa buhay. Sa kabilang banda, hindi ko rin maikubli ang aking kalungkutan dahil sa danas at kuwento na aking narinig. Ilang mga trans pinay pa kaya ang kagaya nila na binabagtas ang mabato at matinik na daan ng buhay ng walang katiyakan? Pinaalala sa akin ng tagpong iyon ang una kong sulyp sa parehong makulay at buhul-buhol na buhay ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao anim na taon na ang nakararaan.

Isang maalinsangang araw ng Disyembre. Taong 2016. Sa imbitasyon ng isa sa aking mga kaibigan, pumunta ako sa isang pagtitipon ng mga LGBTQIA+ sa Almendras Gymnasium, Lungsod ng Davao. Sa pagpasok namin sa bulwagan, nakita ko ang mga makukulay na damit ng mga nakiisa sa pagtitipon, may mga naka-gown at naka-make up ang halos lahat ng dumalo. Ito ang unang sulyp ko sa komunidad ng LGBTQIA+ sa Davao.

Maghahating-gabi na nang matapos ang pagdiriwang. Pawisan ngunit nakangiti, ang iba ay hulas na ang kolorete sa mukha at ang iba’y nagsisimula nang magreklamo dahil nangangati na sa gown at dress na kanilang suot na karamihan ay hiniram lamang sa boutique na nagpaparenta ng mga damit para sa mga gay pageant. Gayunpaman, bakas sa kanilang mukha ang kasiyahan. Sino ba naman ang hindi matutuwa sa mga ipinamigay na supot ng regalo na puno ng mga pang-Noche Buena at gift certificate na may halagang 3,000 piso? Ito ang nagsilbing pamasko ng pamahalaan ng Lungsod ng Davao sa mga LGBTQIA+, dahil ang pagtitipon ay bahagi ng taunang Pasko Fiesta sa Davao.

Malayo pa ang aming uuwian, 21 kilometro mula sa pinagdausan ng pagtitipon. Wala nang mga dyip noong mga oras na iyon kaya napilitan kaming makiusap sa isang trak na dumaan na kami ay pasakayin. Masaya ang buong biyahe, ang lahat

ay nagtatawanan at kung may mga taong makikita ay nagpapatawa ang aking mga kasama. Ngunit, hindi purong saya ang gabi. Sa bawat pagkakataon na hihinto ang trak sa mga traffic light sa lungsod, may mga sumisigaw ng, “Bayot!” o hindi kaya ay kakanta ng, “Ang mga bayot dili na g’yud mapugngan! Daghan na kaayo sila diri sa kalibutan!” [Ang mga bayot hindi na talaga mapipigilan! Ang dami na nila dito sa mundo!]. Sa bawat panunukso, biro at mga patawa ang reaksiyon ng aking mga kasama, sinisigawan din nila ang mga nangungutya at minsan ay nakatawang hinahamon ng suntukan.

Habang binabagtas ng trak ang daan, hindi mawala sa aking isipan ang sinabi ng isang opisyal ng lungsod sa pagtitipon. Buong-lakas niyang sinabi na ang araw na iyon ay panahon daw ng kasiyahan kaya dapat kalimutan ang mga problemang hinaharap, dahil marami pang mga araw na puwedeng makibaka para sa mga karapatan. Napatanong ako sa aking sarili; bakit sa mga pagkakataong nakararanas ang mga LGBTQIA+ ng pandarahas, sila ang kailangang makalimot sa mga problema? Bakit sila ang kailangang tumahimik?

Taong 2019. Nakita ko sa Facebook ang pagkapanalo ng isa kong kakilala mula sa pagtitipon noong 2016 sa kauna-unahang Reyna Davaoeña. Isang beauty pageant para sa mga transgender woman na inorganisa mismo ng City Tourism Office ng lungsod. Tinagurian ng pamahalaan ng Davao ang Reyna Davaoeña bilang “selebrasyon sa pagtanggap ng lungsod sa mga LGBTQIA+,” patunay umano ng pagkikipaglaban ng pamahalaan sa diskriminasyon at pandarahas na nararanasan ng LGBTQIA+ sa araw-araw. Habang isinusulat ko ang sanaysay na ito, binalikan ko ang huling tanong sa Reyna Davaoeña 2019, “As a trans woman, what for you is the single biggest issue the LGBTQ community faces and how do you think it should be addressed?” [Bilang isang babaeng trans, ano sa iyong palagay ang pinakamalaking isyu na kinakaharap ng mga LGBTQ at paano ito dapat na tugunan?]. Hindi bago ang ganitong tanong sa mga ganitong uri ng patimpalak, maging sa Miss Universe, may mga ganito ring tanong tungkol sa mga isyung kinakaharap ng kababaihan. Ang problema ay ang pananatili nito bilang isang tanong lamang, alam na natin ang isyu, alam na natin ang kinakaharap ng mga trans woman. Ngunit, may kakulangan pa rin sa pagharap nito.

Habang tinitingnan ko ang mga larawan mula sa Reyna Davaoeña 2019, muling sumagi sa aking alaala ang nangyari noong pag-uwi namin galing sa pagtitipon noong 2016. Tinatanong ko kung pagkatapos ba ng Reyna Davaoeña 2019, umuwi nang matiwasay ang mga kandidata. O naranasan din nila ang makutya at matawag na “bayot” sa daan. Ilan sa kanila ang magtatanggal ng make up at kakayod ulit upang mabuhay? Ilang araw puwedeng kalimutan ang mga problemang kinakaharap ng mga LGBTQIA+? At hanggang kailan mananatiling tanong na lamang ang danas ng mga trans woman?

Layunin ng artikulong ito na sagutin kung paano hinaharaya ng mga trans pinay sa Davao ang kanilang mga sarili sa gitna ng hamong dala ng kanilang pag-transition, at kung paano binibigyang-malay ng kanilang pamilya, komunidad, at pamahalaan ang kanilang kasarian at seksuwalidad. Nais din ng pag-aaral na

ito na ilantad ang magkakaiba ngunit konektadong danas ng mga trans pinay sa Davao na may diin sa paglalayo nito sa maka-Kanlurang imahen ng pagiging trans. Pangunahing metodo na ginamit sa sanaysay ang autoethnography, o ang paggamit sa sariling karanasan ng mananaliksik bilang datos. Nakaugat ang paggamit nito sa paniniwalang hindi lamang sa labas nahahanap ang kultura, maaari rin itong mabigyang-kamalayan sa pamamagitan ng pagdalumat sa sarili at sa sariling karanasan. Ayon kay Heewon Chang (2016), binibigyang-diin ng autoethnography ang katotohanang ang indibidwal at sarili ang batayang daluyan ng kultura. Sa sanaysay na ito, ginamit ko ang aking mga sariling karanasan bilang isang trans pinay na nakikisalamuha sa mga kapwa-trans pinay sa Lungsod ng Davao sa loob ng halos 10 taon. Ang mga karanasan kong ito ang aking ginamit upang bigyang-kamalayan ang mga nakalap kong datos mula sa mga trans pinay na aking nakadaupang-palad. Dagdag dito, nagkaroon ng mga semi-structured na panayam sa pitong trans pinay sa Lungsod ng Davao. Ang mga kalahok ay pawang 18 taong gulang pataas at nasa proseso ng pag-transition. Upang maprotektahan ang kanilang pagkakakilanlan, hindi ginamit sa papel na ito ang kanilang mga tunay na pangalan. Ang aking mga karanasan bilang isang trans pinay sa Davao na namulat sa mundo ng mga katulad kong trans pinay na nakaranas ng diskriminasyon at marhinalisasyon ang ginawa kong tungtungan sa pagsusuri sa datos, kasabay ng pagturing dito bilang datos din (Nancy Drew 1989).

Sa pamamagitan ng paggamit sa aking karanasan bilang datos, hindi lamang ako isang tagalabas na nagsusulat tungkol sa buhay ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao, bahagi ako ng kanilang mga kuwento. Gayunpaman, ang aking posisyon bilang isang trans pinay na nag-aaral tungkol sa mga kapwa-trans pinay ang nagbigay sa akin ng isang pambihirang pagkakataon na tingnan ang kanilang mga danas sa parehong panlabas at panloob na perspektiba. Katuwang ng autoethnography bilang metodong ginamit ang penomenolohikal na paraan sa pag-aaral. Ito ang ginagamit na pamamaraan ng pananaliksik sa mga bagay, bahagi ng buhay, at lugar na limitado pa lamang ang nasusulat o nalalaman. Dahil dito, makikita kung gaano kaangkop ang pamamaraang ito ng pananaliksik sa pag-aaral ng naratibo at danas ng mga trans pinay sa Lungod ng Davao, lalo at halos walang pag-aaral na tumatalakay sa kanilang mga buhay at realidad. Dagdag pa, ang pamamaraang ito ng pananaliksik ay naglalayong alamin, talakayin, at intindihin ang kahulugan ng danas at buhay base sa kung paano ito binibigyang-kahulugan ng mga taong pinag-aaralan (Julie Donalek 2004).

Bagaman at malay akong hindi magagamit ang mga pamamaraang nabanggit upang bigyan ng pangkalahatang kahulugan at pagtalakay ang mga buhay ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao, magbubukas pa rin ang artikulong ito ng oportunidad upang mabigyang-bose ang mga indibidwal na katotohanan at danas ng mga trans pinay.

## Reyna Davaoeña; Trans Davaoeña

“I think the biggest issue is discrimination. That is very true. But not discrimination towards the single or the straight community but the discrimination to the LGBTQ community itself. We always say ‘Stop Discrimination’ ‘Stop Criticizing’ but we, as part of the LGBT, we criticize our brothers and sisters in our community. I think it should be addressed and of course we need to remember that each one of us has own diversity and diversity is beautiful. I proudly say to all of you that transgender women are the real unicorns – our ability to strive, to drive, to claim our space of worth is a lesson and enlightenment.” [Sa aking palagay, ang pinakamalaking isyu ay ang diskriminasyon. Iyan ang katotohanan. Ngunit hindi ito ang diskriminasyong mula sa mga straight kung hindi iyong diskriminasyong mula mismo sa loob ng aming komunidad. Palagi naming sinasabi na ‘Itigil ang Diskriminasyon’ ‘Itigil ang Pamimintas’ ngunit kami mismo bilang mga bahagi ng komunidad ay nagpapatuloy sa pamimintas sa isa’t isa. Para sa akin, kinakailangan na tugunan ang bagay na iyan at kinakailangan nating alalahanin na ang bawat isa sa atin ay mayroong pagkakaiba at ang pagkakaiba ay maganda. Buong pagmamalaki kong sasabihin sa inyo na ang mga babaeng trans ang totoong unicorn – ang aming abilidad na magsumikap, magpatuloy, at angkinin ang aming espasyo ay isang aral na maaaring pagnilayan.]

Iyan ang naging sagot ni Rojean Buhian noong tinanong siya kung ano sa tingin niya ang pinakamalaking isyu na kinakaharap ng mga LGBTQIA+ sa kasalukuyan. Pinalakpakan ang sagot niyang ito at naging huli niyang baraha sa pagsungkit ng korona—siya ang hinirang bilang kauna-unahang Reyna Davaoeña. Ang Reyna Davaoeña ay ang nag-iisang *beauty pageant* para sa mga trans woman na pinondohan ng pamahalaan ng Lungsod ng Davao. Kung titingnan, tama si Rojean. Diskriminasyon nga ang isa sa problemang kinakaharap ng mga LGBTQIA+ sa Pilipinas, o sa Davao sa partikular. Sa katunayan, ito ang sinasabing dahilan ng City Tourism Office kaya naisama ang patimpalak sa listahan ng mga aktibidad para sa taunang Araw ng Davao. Ipinapakita nito sa mga LGBTQIA+ na tanggap sila sa Davao, na may espasyo sila sa lungsod, at nirerespeto ang kanilang pagkatao (Juliet Revita 2019). Sa talumpati noong 2017 ng dating mayor ng Davao City at ngayon ay bise president ng bansa na si Sara Duterte, sinabi niya na ginagawa ng pamahalaan ng Davao ang lahat upang isulong ang pagkakapantay-pantay sa lungsod. Aniya, dapat magkaroon ng representasyon ang sektor ng LGBTQIA+ sa lahat ng programa ng pamahalaan at bigyan ng pantay na oportunidad at karapatan upang malabanan ang diskriminasyon (Revita 2019). Gayunpaman, nagpapatuloy pa rin ang diskriminasyon laban sa mga LGBTQIA+ sa Davao. Maging sa Reyna Davaoeña, hayag ang diskriminasyong ito.

Noong 29 Enero 2019, naglabas ng isang panawagan ang City Tourism Office of Davao sa pamamagitan ng kanilang Facebook page para sa mga nais sumali sa Reyna Davaoeña 2019 (Davao City Tourism Operations Office 2019). Nagsimula

ang panawagang ito sa isang tanong, “Are you a modern Trans Davaoeña?” [Ikaw ba ay isang makabagong Trans Davaoeña?]. Ngunit, walang sumunod na paliwanag kung ano ang ibig nilang ipakahulugan sa mga terminong—ano ang tinutukoy nilang “modern Trans Davaoeña”? Sa ilalim ng panawagan nila, inilagay ang mga kuwalipikasyon na dapat mayroon ang mga nais maging kandidata:

1. The screening is open to all Transgender women residing in Davao for at least a year prior to February 18, 2019. [Ang screening ay bukas sa lahat ng mga babaeng Transgender na naninirahan sa Davao ng hindi bababa ng isang taon bago ang Pebrero 28, 2019]
2. **Must be at least 18 and not more than 28 years old on the day of screening** (akin ang diin). [Kinakailangan ay 18 taong gulang man lamang at hindi rin lalagpas sa 28 taong gulang sa araw ng screening]
3. **Must be a resident of Davao City for at least 1 year prior to February 18, 2019.** [Kinakailangan ay residente ng Lungsod ng Davao ng hindi bababa sa isang taong bago ang Pebrero 18, 2019.]
4. **Must be self-identified as a transgender woman.** [Kinakailangang kinikilala ang sarili bilang isang babaeng transgender.]
5. **Single. Must be not married, divorced, or annulled** (akin ang diin). [Single. Kinakailangang hindi pa naikakasal, diborsyado, o anulado.]
6. **Must not have sired a child** (akin ang diin). [Kinakailangang hindi pa nagkaroon ng anak.]
7. **Must be high school graduate or has finished grade 10, whichever is applicable** (akin ang diin). [Kinakailangang nakapagtapos ng high school o nakapagtapos ng grade 10, kung ano ang naaangkop.]
8. **Applicants must be of good moral character and must not have been convicted of a crime** (akin ang diin). [Ang mga nais lumahok ay kinakailangang mayroong maayos na pagkatao at hindi pa nahahatulan dahil sa anumang krimen.]
9. **Must have an advocacy focusing on Social Inclusion or anything related to LGBTQ community** (akin ang diin). [Kinakailangang mayroong adbokasiyang nakatuon sa Social Inclusion o anumang may kinalamanan sa LGBTQ community.]

Masasabing normal ang mga kuwalipikasyong ito sa mga beauty pageant, walang dapat ipagtaka. Ngunit, sa mga patimpalak tulad ng Reyna Davaoeña na nangangako ng pagtanggap sa mga trans woman, bakit mayroong tila pagbubukod sa ibang mga trans woman? Anong imahe ng Trans Davaoeña<sup>2</sup> ang nais ipakita ng Reyna Davaoeña?

Sa mga kuwalipikasyong binigyan ko ng diin masisipat ang mga pagbubukod na ito. Una, ang usapin ng edad: marami man sa mga trans Davaoeña ang nagsisimulang

mag-transition sa murang edad hindi dapat magkaroon ng pagtatakda sa edad sa mga patimpalak na ang layunin ay bigyan sila ng entablado upang ipagdiwang ang kanilang mga sarili. Sa pag-aaral nina Winter, Sasot, at King (2007) sa danas ng transgender women sa Pilipinas, nakita na karamihan sa kanilang mga naging impormante ay nagsimulang mag-transition bago pa man tumuntong ng 18 taong gulang. Pinatotohanan ito ng isa kong kakilala na trans pinay, si Maxine. Sa high school siya nagsimulang mag-transition ngunit hindi siya nakakasali sa mga beauty pageant noon dahil na rin sa hirap ng buhay. Mas minabuti niyang magtrabaho na lang muna upang makatulong sa pamilya. Ngayong 30 taong gulang na siya, sinusubukan niyang sumali sa mga beauty pageant, ngunit ang mga age limit kagaya ng nasa Reyna Davaoña ang isa sa mga pumipigil sa pagnanais niyang ito.

Kagaya ni Maxine, maraming trans pinay sa Davao ang humaharap sa iba't ibang hamon sa pag-transition. Sa pakikipagsalamuha ko sa kanila, naging babad ako sa mga kuwentong ito. Para sa mga trans pinay sa Davao, isa sa pinakamahalagang bahagi ng kanilang buhay ang pag-transition. Hindi ito basta lamang pagsusuot ng mga “pambabaeng damit” o pag-inom ng pills at hormones. Ito ay isang mahabang paglalakbay na handa nilang suungin upang ganap na matanggap ng lipunan at maging ng kanilang mga sarili.

Pinatotohanan ni Kevin Chavez Laxamana (2021) ang danas na ito ng mga trans. Ayon sa kanya, ang pag-transition ay ang proseso ng pagbago ng isang indibidwal sa kaniyang pagkasariang pagpapahayag (gender identity) at/o seksuwal na mga katangian (sexual characteristics) upang tingnan at ituring ng lipunan bilang nagtataglay ng kasariang kaniyang kinikilala. Ito rin ay upang ganap niyang maipakita ang pagyakap niya sa kinikilalang kasarian, ito man ay sa pamamagitan ng pisikal, medikal, legal, o panlipunang pagbabago. Ang pagpapakahulugang ito sa pag-transition ay mula sa librong, *Cries From Within: Transsexualism, Gender Confusion, and Sex Change* nina Shan Ratnam, Victor H. H. Goh, at Tsoi Wing Foo (1991), na nagsasalaysay ng kuwento at danas ng mga indibidwal na trans sa Singapore. Bagaman at galing sa ibayong dagat ang pagpapakahulugang ito, nagagagap nito ang katotohanan ng mga trans pinay sa Davao.

Para sa karamihan ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao, ang pag-transition ang rurok ng kanilang pagyakap sa sarili. Ito rin ang sinabi ni Anne Bolin (1988) sa kaniyang aklat na pinamagatang, *In Search of Eve: Transsexual Rites of Passage*. Aniya, ang pag-transition ay tila “muling pagsilang” kung saan ganap ng naipapakita ng mga trans woman ang kanilang “totoong sarili” sa mundo. Sa aking mga nakasalamuhang trans pinay sa Davao, maagang nagsisimula ang proseso ng kanilang pag-transition. Karamihan ay nagsimula noong sila ay nasa high school, mayroon namang iilan na simula elementarya pa lamang ay nag-transition na. Sa high school madalas namumulat ang mga trans pinay sa ideya ng transitioning; ito ay dahil mayroon silang nakakasalamuhang mga trans pinay rin. Nagiging inspirasyon nila ang mga ito at minsan ay nagiging mga tagagabay sa kanilang pag-transition.

Normal ang ganitong mga kuwento ng pagkakaroon ng tinitingala o itinuturing na “mother” [ina] ng mga batang bakla/bayot at mga trans pinay (Michael L. Tan 2001). Sa kaso ng mga trans pinay sa Davao, ang mga “mother” na ito ang nagbibigay sa kanila ng suporta na hindi nila nakukuha sa loob ng kanilang mga tahanan. Ang suportang ito ay maaaring pera, tirahan, trabaho, o maging emosyonal. Isa sa mga “mother” na ito na aking nakilala ay si Nay Ombing, 43 taong gulang. Siya ay kagawad sa isang barangay sa Davao, isang oras ang layo mula sa sentrong bahagi nito. Isang trans pinay si Nay Ombing, at naranasan niya rin ang mapalayas sa kanilang bahay dahil sa kaniyang kasarian. Bagaman at kalaunan ay natanggap din siya ng kaniyang pamilya, ayaw niyang maranasan ng ibang mga trans pinay na maramdaman na nag-iisa sila. Kaya sa tuwing mayroong mga batang trans pinay na napapalayas at kakilala naman niya ang mga ito, pinapatira niya sila sa kaniyang bahay. Si Nay Ombing din ang gumagabay sa kanila kung gusto na nilang uminom ng pills upang mabago ang hubog ng katawan. Ang karaniwang ipinainom ni Nay Ombing ay contraceptive pills na mula sa barangay health center dahil libre ito. Kagaya ng ibang mga trans pinay sa Pilipinas, madalas na ang pills na libre mula sa mga barangay health center ang nagiging simula ng mga trans pinay sa Davao sa proseso ng hormone replacement therapy.

Sa mga nakadaupang-palad ko at nakasamang mga trans pinay, wala pa sa kanila ang nagkaroon ng gender-affirming surgery. Ito ay proseso kung saan ang ari (panlalaki) ng isang trans na indibidwal ay sasailalim sa isang medikal na operasyon upang maging aring pambabae (Ratnam, Goh, at Tsoi 1991). Bagaman at sinasabi nilang ito ang kanilang pinakapinapangarap, mahirap na maabot ito dahil sa mahal ang nabanggit na operasyon. Sa Pilipinas, umaabot ang presyo ng gender-affirming surgery ng lagpas kalahating milyong piso (Winter, Sasot, at King 2007). Marami sa mga trans pinay sa Davao na tinitingnan ang pagsailalim sa operasyong ito bilang suntok sa buwan. Ito man ang tinitingnan nila bilang kaganapan ng kanilang pag-transition, hindi lamang ito ang paraan upang mag-transition sila. Mayroong apat na paraan ang mga trans pinay sa Davao ng pag-transition, ito ay ang mga sumusunod: (1) pagpapalit ng pangalan; (2) pagsusuot ng “damit pambabae;” (3) hormone replacement therapy; at (4) breast augmentation surgery.

### *Pagpapalit ng Pangalan*

“Akuang pangalan g’yud kay James Iron, unya dili ko ganahan kay angkol kaayo paminawon. So karon, si Yasmine nako.”

(Yasmine, 23 taong gulang)

[Ang pangalan ko talaga ay James Iron, pero hindi ko ito gusto kasi parang pantiyuhin pakinggan. Ngayon, ako na si Yasmine.]

Karamihan sa aking mga nakasamang trans pinay ay hindi sa pag-inom ng *pills* nagsimula ang proseso ng pag-transition. Ang pagyakap nila sa kanilang kasarian



ay nagsisimula sa pagpili nila ng sariling pangalan. Ayon kay João De Piña-Cabral (2010), marami sa mga trans na indibidwal ay natatawag “sa mga pangalang hindi nila gusto, mga pangalang hindi nila kinikilala, o mga pangalang walang halaga para sa kanila (301).” Para sa ibang mga trans na indibidwal, ang kanilang mga “birth name” ay bahagi ng “dating sila,” ang sila na nais nilang kalimutan. Kaya mahalaga sa kanila ang pagpapalit ng pangalan, upang ganap nilang maipakita kung sino ang “totoong sila” (Arielle VanderSchans 2016). Para sa mga kagaya ni Yasmine, ang pagkakaroon ng pangalan na nagagagap kung sino at kung ano sila ang simula ng pagkakaroon nila ng kahulugan (De Piña-Cabral 2010). Ito ang nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan at lakas ng loob na mamuhay sa paraang gusto nila—bilang mga trans pinay.

“Nag-start man sa sungog-sungog akuang pangalan. Sa una sa elementary, bayot na jud kaayo ko. Mao akuang mga classmate muana sila na si Jasmine daw ko, kay James man akuang pangalan. Unya nahimong Yassi sa high school, akua na lang gihimong Yasmine para nindot sad paminawon.”

[Nagsimula bilang isang pangungutya ang aking pangalan. Noong nasa elementary ako, baklang-bakla talaga ako. Kaya sinasabihan ako ng aking mga kaklase na si Jasmine talaga ako, mula ito sa James na aking pangalan. Pagkatapos naging Yassi ito noong high school, ginawa ko na lang Yasmine para naman magandang pakinggan.]

Kung titingnan, isang mahabang proseso ang paghahanap ni Yasmine sa kaniyang pangalan. Nagsimula ito noong siya ay nasa elementary, hindi bilang isang pangalang kaniyang pinili kung hindi isang pangalang ginamit upang pagtawanan ang kaniyang pagkilos. Sa prosesong ito makikita na ang paggamit ni Yasmine sa kaniyang pangalan ay pag-angkin niya sa isang bagay na tinitingnan bilang dapat niyang ikahiya. Hindi lamang niya niyakap ang kaniyang pangalan; niyakap din niya ang “pagkababae<sup>3</sup>” na dala nito (Mary Bucholtz at Kira Hall 2004).

“Dili ko masuko kung tawagon ko sa akuang pangalan g’yud kay mao man ang naandan, labi na sa akuang mama ug papa. Pero malipay ko kung Yasmine o Yas ilang tawag sa akua. Mura ba og gidawat na jud ko nila with all their hearts ba na babae g’yud ko.”

[Hindi naman talaga ako nagagalit kapag tinatawag ako sa aking pangalan dahil iyon naman ang nakasanayan, lalo na ng aking mga magulang. Pero natutuwa ako kapag tinatawag nila akong Yasmine o Yas. Para bang talagang tinanggap na nila nang buong-puso na babae talaga ako.]

Sa bahaging ito makikita na bagaman at kilala na ni Yasmine ang kaniyang sarili, naghahanap pa rin siya ng pagtanggap mula sa kaniyang pamilya. Para kay Yasmine at sa iba pang mga trans pinay sa Davao, hindi basta mga alyas lamang ang kanilang piniling pangalan, ito ay ang kanilang pagkatao. Ang pagtawag ng pamilya ni Yasmin sa kaniya gamit ang kaniyang piniling pangalan ay nagbibigay sa kaniya ng lakas ng loob na harapin ang mundo. Nabibigyan ng halaga ang kaniyang posisyon sa mundo bilang babae at mas naipapakita niya ang kaniyang sarili (Celia Emmelhainz 2012 at Arielle VanderSchans 2015).

## *Pagsusuot ng Damit Pambabae*

Sa mga pag-aaral nina Winter, Sasot, at King (2007) at nina Joy C. Cruz, Charlese Saballe, at Brenda Alegre (2015) tungkol sa karanasan ng mga trans pinay sa Pilipinas, sinasabi nila na sa murang edad nagsisimula ang pagkilala ng mga trans pinay sa kanilang mga kasarian. Ito ay sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga damit “pambabae” bilang pagpapakita sa kanilang kasariang pagkakakilanlan. Ganito rin ang karanasan ng aking mga nakasalamuhang trans pinay: bata pa lamang ay alam na nila ang mga damit na gusto nilang suutin, mga damit kung saan sila komportable at nagiging masaya. Minsan, nagiging dahilan ang mga damit na ito ng pangungutya sa kanila dahil ipinapakita nito ang kanilang pagkababae. Nagiging bukas ang kanilang mga katauhan sa panghuhusga at diskriminasyon (Todd Brower 2013). Pinatotohanan ito ni Yasmine, ayon sa kanya:

“Bata pa lang ko nagsusuot na g’yud ko og mga sinina na pambabae. Manguha ko sa akuang mga igsuon unya magrampa-rampa sa balay. Mura’g mao man g’yud na ang binuhatan sa mga bayot, kanang murag naa daw sa Miss Universe. Masuko pa sa una akuang pamilya, pero pasagdaan lang man nako sila, kadugayan naanad ra sad sila. Nahilom.”

[Bata pa lamang ako, nagsusuot na talaga ako ng mga pambabaeng damit. Kinukuha ko ang mga damit ng aking mga kapatid tapos rumarampa ako sa bahay. Iyan naman talaga siguro ang ginagawa ng karamihan sa mga bayot, nagkukunwari na kasali sila sa Miss Universe. Noon nagagalit ang aking pamilya rito, pero pinabayaang ko lang sila, kalaunan nasanay na rin. Natahimik.]

Mahalaga para sa mga trans na indibidwal ang pananamit bilang bahagi ng kanilang pagtanggap sa kanilang mga sarili. Hindi ito basta lamang piraso ng telang kanilang inilalagay sa kanilang mga katawan, ito ay bahagi ng kanilang pagbibigay-tanda sa kanilang mga pagkatao (Andrew Reilly, Jory Catalpa, at Jenifer McGuire 2019). Gayunpaman, hindi pa rin nakakatakas sa pangungutya at panghuhusga ang mga trans lalo na ang mga trans pinay.

Kagaya ni Yasmine at ng marami pang mga trans pinay, ipinagkikibit-balikat na lamang nila ang panghuhusga, hindi pinapansin ang mga pangungutya. Para sa kanila, matatahimik din ang mga ito kung hindi bibigyan ng atensiyon. Ang mahalaga, naipapakita nila ang kanilang pagkatao, nabubuhay sila ayon sa kanilang gusto at ayon sa kanilang kasarian. Basta walang silang sinasaktan at tinatapakang tao, sapat na ito upang magpatuloy sa buhay (Tiffany Jones 2013).

## *Hormone Replacement Therapy*

Hindi kagaya ng mga trans woman sa Kanluran, pahirapan ang pagkuha ng *pills* para sa hormone replacement therapy sa Pilipinas (maging sa ibang bansa sa Timog-Silangang Asya) (Cruz, Saballe, at Alegre 2015; Laxamana 2021). Karaniwang tugtugin ang ibinahagi ni Jam, 23 taong gulang, isa sa aking mga nakasalamuhang trans pinay tungkol sa proseso ng pag-transition: “Nagsugod ko

og pills elementary pa ko, giingon lang sad sa akuang amiga. Gusto man gud jud ko magka-totoy.” [Nagsimula akong uminom ng pills noong nasa elementary pa ako, sinabihan lang din ako ng aking kakilala. Gusto ko lang talagang magkaroon ng suso.]

Sa mga kaibigan at kakilala nila madalas nalalaman na ang pag-inom ng pills ang magiging susi sa hubog ng katawan na kanilang inaasam. Hindi rin kasi aksesible ang trans-related healthcare sa Pilipinas, masyadong mahal ang pagpunta sa mga clinic para sa mga karaniwang trans pinay. Ang kawalan ng akses na ito ang nagtutulak sa kanila upang magsarili na lamang sa pag-inom ng *pills*, na madalas ay mga over-the-counter na tulad ng Diane (anti-acne with estrogen) at Lady (birth control pills) (Tan 2001). Sa isang artikulo ni Michael David Tan sa #KaraniwangLGBT<sup>4</sup> serye ng *Outrage* (2016), ibinahagi niya ang buhay ni Paloma Soledad, isang trans pinay na kilala bilang “Reyna ng Davao” dahil sa pagiging malapit nito sa mga Duterte. Dito, ibinahagi ni Paloma na bagaman at mayroong Social Hygiene Clinic ang Davao, mga babae (cisgender) lamang ang nakakakuha ng *pills* dito. Hindi kasama sa serbisyo nila ang pagbibigay ng libreng pills para sa mga trans pinay. Dagdag ni Paloma, mahalaga sa kanya ang “Pilar Pilapil” (neologismo sa pills) dahil gusto niyang magkasuso at balakang, kaya naghahanap siya ng paraan upang makabili nito sa pamamagitan ng pagtitinda (Tan 2016). Sa madaling sabi, nagiging dagdag gastos sa mga trans pinay ang pagbili ng pills kaya marami rin ang hindi umiinom nito, dahil mas mahalaga para sa kanila ang kakainin sa araw-araw. Hayag na makikita rito ang kawalan suporta ng pamahalaan ng Davao sa mga trans pinay at sa sektor ng LGBTQIA+ sa kalakhan, taliwas sa sinasabi nitong sanktuwaryo ang lungsod

Dahil nga walang maayos na gabay ang pag-inom ng pills ng mga trans pinay na aking nakasalamuha, normal para sa kanila ang uminom ng maraming tableta sa isang araw. Ayon kay Jam, umaabot siya noon ng tatlo hanggang limang pills bawat araw sa paniniwalang mas mapapadali ang resulta nito. Base sa mga pag-aaral, mayroong side effects ang pag-inom ng pills, kabilang na ang blood clotting, liver malfunction, erectile dysfunction, pagbaba ng libido (Ratnan, Goh, at Tsoi 1991) at maging sa mental na kalusugan (Aaron Devor at Ardel Haefele-Thomas 2019). Naibahagi ni Jam sa aming pag-uusap ang kaniyang pangamba sa mga side effect ng pag-inom ng pills. Ayon sa kaniya: “Mahadlok pud ko usahay, kay naa ko’y mga kaila na niingon nga naa g’yud daw side effects ang pilang. Usahay gani malipong ko unya wala dili na kaayo ko ganahan magpalubi, sakit sad gunitan akuang totie marie.” [Natatakot din ako minsan, may mga kakilala ako na nagsasabi na na mayroon talagang epekto ang pills sa katawan. Minsan nga nahihilo ako tapos hindi na rin ako masyadong ganado sa pakikipagtalik, masakit ding hawakan ang suso ko.]

Ang nakakabahala, marami sa mga trans pinay sa Davao ang tulad nina Paloma at Jam ang walang alam sa mga epektong ito at kung alam man ay hindi binibigyang-pansin sa paniniwalang sakit ang kapalit ng kagandahan (Laxamana 2021).

## Breast Augmentation Surgery

Sa pag-aaral ni Laxamana (2021), para sa karamihan sa mga trans woman sa Timog-Silangang Asya, ang breast augmentation surgery o mammoplasty ang “huling bahagi” ng kanilang pag-transition. Dahil ito ay mas mura kung ikukumpara sa gender-affirming surgery. Sa Pilipinas, 150,000 hanggang 200,000 piso ang halaga ng breast augmentation surgery, napakalaking halaga pa rin para sa mga karaniwang trans pinay, o kung nais man na makamura ay pupunta pa sa ibang bansa tulad ng Thailand. Si Maxine ay mapalad na nakapag-ipon para sa kaniyang operasyon, bahagi siya ng iilang trans pinay na tinitingila ng iba dahil sa kanilang suso. Tinitingnan ito bilang kanilang “edge” laban sa kapwa-trans pinay.

“Nag-start ko og transition katong pag-uli nako (gikan sa abroad). Nagpa-breast augmentation na dayon ko human makatigom. Mas nahimo g’yud ko nga confident tungod sa akuang breast, unya magamit pud nako siya sa trabaho.” [Nagsimula akong mag-transition noong nakauwi na ako (galing abroad). Matapos kong makaipon, nagpa-breast augmentation na agad ako. Mas naging confident ako dahil sa aking suso, nagagamit ko rin ito sa trabaho.]

Ayon kay Maxine, mas naramdaman niya na “babae” siya dahil sa kaniyang suso, nagagamit niya ito sa kaniyang trabaho bilang isang sex worker<sup>6</sup> sa cybersex den. Marami sa aking mga kakilalang trans pinay sa Lungsod ng Davao ang nagnanais ng ganitong operasyon. Para sa kanila, hindi lamang makakatulong ang pagkakaroon ng suso sa kanilang kumpiyansa, kung hindi maging sa kanilang mga trabaho, lalo na sa kalakaran ng prostitusyon. Sa pelikulang, *Mamu: And a Mother Too* ni Rod Singh (2018), ipinakita ang katotohanang ito. Sa pelikula, isang trans woman sex worker si Mamu sa Olongapo, na nagnanais na magkaroon ng suso upang makasabay sa mga batang sex worker. Para sa kaniya, ang pagkakaroon ng suso ang magpapalakas muli ng kanyang kita. Bagaman at malayo sa Davao ang Olongapo na siyang tagpuan ng pelikula, nasasalamin nito ang pagnanais ng mga trans pinay na kagaya ni Maxine.

Hindi madali para sa mga trans pinay na aking nakasalamuha ang proseso ng pag-transition. Iba’t ibang hamon ang kanilang sinusuong para lamang ganap na mayakap ang kanilang kasarian at upang kilalanin sila ng lipunan bilang mga babae. Marami sa kanila ang nagkakasya na sa pagsusuot ng mga pambabaeng damit upang maisabuhay ang kanilang kinikilalang kasarian. Gustuhin man nila na mag-hormone replacement therapy o dumaan sa mga operasyon, ang kanilang kahirapan ang pumipigil dito. Bahagi rin ng mga hamon na kanilang hinaharap ang hindi pagtanggap sa kanila ng lipunan. Sa kanilang mga pamilya, itinatakwil sila at pinipilit na “magpakalalaki.” Nariyan din ang mga diskriminasyong kanilang nararanasan sa paaralan at trabaho (Winter, Sasot, at King 2007).

Kung babalikan ang mga kuwalipikasyon sa Reyna Davaoeña, masisipat ang kuwalipikasyon bilang 5 at 6 bilang mga pagbubukod. Sa bahaging ito ng kuwalipikasyon para sa Reyna Davaoeña, makikita ang tila pagtingin ng mga

namamahala sa beauty pageant sa mga trans woman bilang mga “dating lalaki.” Ang pagtingin na ito ay problematiko dahil hindi naman ganito ang depinisyon ng pagiging trans woman. Hindi isang yugto lamang ang pagiging trans woman at hindi ito natatapos o humihinto kapag nagkaroon ng anak o ikinasal. Isang dahilan din kung bakit may pagbubukod sa mga kuwalipikasyong ito ay ang hayag na kawalan ng kaalaman tungkol sa kaibahan ng pangkasariang pagkakakilanlan (seksuwalidad ayon sa ispektrum) at oryentasyong seksuwal ng mga trans woman (Brenda Alegre 2018). Patunay sa puntong ito ang kuwento ni Mitch Talao, isang trans woman na nagkaroon ng anak sa kaniyang kabiyak na si Dudz Ibañez. Ang dalawa ay kinasal sa loob ng Pinoy Big Brother House noong 2019 (Cristina Malonzo-Balane 2019). Sa Davao, ikinasal noong Abril 23, 2022 ang isang trans woman na si Ronnie Cortez sa lesbiyanang kabiyak nito.

Patunay ang mga halimbawang ito na hindi isang tuwid na linya ang proseso ng pag-transition o ang pagiging trans. Ayon sa mga transpeministang sina Andrea Long Chu (2019) at Sandy Stone (2013), hindi iisa ang mukha at hulma ng pagiging trans. Dagdag pa nila, ang pag-iiba-iba ng proseso ng pag-transition ang mas nagbibigay-bigat sa katotohanang mga tunay na babae ang mga trans woman. Dahil ipinapakita rito na may kakahayahan silang pumili sa kung ano ang nais nilang maging at hindi basta na lamang sumunod sa isang istereotipong dikta sa kung ano ang dapat na maging mukha nila (Chu 2019). Patunay rin ang pag-iiba-ibang ito na hindi basta lamang kinukuha at iniaangkop ng trans women ang katawan ng mga babae at ang mga “kaaya-ayang” bahagi nito (cisgender) na siyang madalas na ibinabato sa kanila ng Trans Exclusionary Feminists (Stone 2013). Sa sanaysay ni Chu (2018) na pinamagatang, “On Liking Women,” binigyang-diin niya na hindi dapat kuwestiyunin kung magkakagusto sa isang babae ang mga trans na katulad niya lalo na kung ang nais natin ay maging bukas sa anumang kasarian at seksuwalidad. Hindi dapat maging talikala ang pagiging trans sa kung kanino pipili ng isang trans woman (Chu 2018).

Makikita ang susunod na pagbubukod sa kuwalipikasyon bilang 7 at 8. Dito, kinakailangan na nakapagtapos ng high school at hindi pa nahatulan ng kahit anong krimen ang mga nais maging kandidata. Sa pag-aaral nina Cruz, Saballe, at Alegre (2015), marami sa mga trans woman sa Pilipinas ang hindi man lamang nakapagtapos ng high school. Dahil ito sa iba’t ibang salik: una ay ang kahirapan sa buhay at ang kawalan ng pantustos sa pag-aaral. At ang pangalawa ay ang diskriminasyong kanilang kinakaharap sa loob ng mga paaralan. Ang pag-aaral na ito nina Cruz, Saballe, at Alegre (2015) ay pagsusog sa nauna nang pag-aaral nina Winter, Sasot, at King (2007), na nakita na maraming trans woman sa Pilipinas ang napagkaitan ng edukasyon, dahil sa pagbabawal sa kanilang ipahayag ang kanilang mga sarili at ang kabi-kabilang pangungutya at pandarahas na kanilang nararanasan sa loob ng mga paaralan. Ang mga katotohanang nakita sa mga pag-aaral tungkol sa diskriminasyong nararanasan ng mga trans pinay sa loob ng paaralan ay siya ring katotohanan at karanasan ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao.

Isang halimbawa rito ang karanasan ni Miggy, isa sa mga trans pinay na nakilala ko sa high school. Isinalaysay ni Miggy ang kaniyang karanasan sa pamamagitan ng pagbabahagi kung paano siya ipinahiya ng isang guro dahil lamang nagsuot siya ng pambabaeng uniporme. Hindi rin siya pinapapasok ng guard dahil mahaba ang kaniyang buhok, ipinapabura ang kaniyang make up, at minsan ay pinagsasabihan na magsuot ng chest binder upang hindi makita ang kaniyang suso. Ayon kay Miggy, “Dili ko gusto mueskwela kay pasuoton man ko nila’g uniform na panglalaki. Unya, daghan kaayo’g manungog sa eskwelahan, makawala’g gana.” [Ayaw kong pumasok sa paaralan dahil pinapasuot nila ako ng panlalaking uniporme. Maraming nanunukso sa paaralan, nakakawala ng gana.]. Para sa kaniya, hindi niya naramdaman ang pagtanggap at pagrespeto sa kaniyang kasarian sa loob ng paaralan. Dahilan ito upang huminto siya sa pag-aaral.

Alam ng mga trans pinay na kagaya ni Miggy ang kahalagahan ng edukasyon. Maliwanag sa kanila na mahihirapan silang makahanap ng trabaho kung hindi sila nakapagtapos, lalo na dahil sa kanilang kasarian. Ngunit, hindi nasisikmura ng ilang mga trans pinay kagaya niya ang pang-aabuso sa loob ng mga institusyong dapat ay humuhubog sa kaniyang kinabukasan. Para kay Miggy, mas mahalaga ang mabuhay nang malaya kaysa magkubli sa loob ng mga paaralan.

Ang pag-alis ni Miggy sa paaralan ang nagtulak sa kaniyang pasukin ang kalakaran ng prostitusyon. Ang cybora<sup>7</sup> o cybersex prostitution ang tumanggap kay Miggy nang walang panghuhusga. Aniya, sa cybora niya mas minahal ang sarili; sa loob ng cybora ay mas “babaihan,” mas maraming kita. Sa loob nito, nakakadama sila ng pagtanggap sa kanilang mga katawan. Maraming trans pinay ang mayroong kaparehong kuwento: para sa kanila, ang pagpasok sa cybora ang isa sa pinakamadaling paraan upang kumita ang mga trans pinay na huminto sa pag-aaral. Hindi kailangang nakapagtapos ang mga papasok sa cybora. Anila, “Basta mulaban go na!” [Basta kaya mo, go na!]. Dagdag ni Miggy, malaki ang kita sa loob ng cybora: hindi bababa sa 30,000 piso ang kinikita ng isang “talent” (tawag sa mga trans pinay na nagtatrabaho sa loob nito) sa isang buwan. Iba pa rito ang tip na natatanggap niya sa kaniyang mga suking kostumer. Pagbabahagi ni Maxine na nasa kaparehong kalakaran, mayroong mga buwan na pumapalo sa 80,000 piso ang kaniyang kinikita.

Bagaman at sinasabing mayroong pagtanggap sa mga trans pinay sa loob ng kalakaran ng prostitusyon tulad ng cybora, nakakaranas pa rin ang ilang trans pinay ng diskriminasyon dito. Sa kuwentong ibinahagi ni Miggy, naaalala niya ang mga pagkakataong pinagtatawanan siya dahil maliit ang kaniyang suso. Aniya, palagi siyang pinagsasabihan na kung mananatiling maliit ang kaniyang suso ay mawawalan siya ng kostumer. Ito ang dahilan kaya dinadamihan niya ang pag-inom ng pills (hormones).

Nakaranas din si Maxine ng diskriminasyon sa kalakarang itinuturing niya na tumanggap sa kaniyang pagkatao. Ayon sa kaniya, marami sa kaniyang mga kostumer ang natutuwa kapag nakikita ang kaniyang ari. Pambabastos at kahihyan

ang kaniyang nararamdaman sa tuwing pinapahawakan o tinitingnan ng kaniyang mga kliyente ang kaniyang ari:

“Ganahan kaayo ang mga costumer na makita akuang oten. Mao gyud na dayon ilang ipangutana sa chat, kung naa pa ba daw akuang oten o operated nako. Mag-jakol g’yud ko ana kung mag request sila, mas dako sad sila’g hatag kung ingon ana. Ingon sa akuang mga kaila, ganahan daw ang mga foreigner anang trans na naay oten. Wala sad mi kabalo kung ngano.”

[Gustong-gusto nila na makita ang aking ari. Iyan talaga ang una nilang itinatanong sa chat, kung may ari pa raw ba ako o operada na ako. Kung gusto nila, pinapa-jakol nila ako, mas malaki ang bayad nila kapag ganoon. Sabi ng mga kakilala ko, mas gusto raw ng mga foreigner ‘yung trans na may ari. Hindi rin namin alam kung bakit.]

Sa aklat na pinamagatang, *Crossing Boundaries and Fetishization: Experiences of Sexual Violence for Trans women of Color* nina Jane M. Ussher et al. (2020), sinasabi na kabahagi ng buhay ng trans women, lalo na iyong nasa kalakaran ng prostitusyon, ang makaranas ng fetishization. Ito ay ang pagtingin sa trans women bilang mga seksuwal na bagay dahil sa kanilang kasarian at/o seksuwalidad. Ibinahagi ng mga kalahok sa pag-aaral nina Ussher et al. (2020), na ang pakiramdam na ito ay tila pagpipinta sa kanila bilang mga bagay na hindi sila; ginagawa silang mga laruan at pinagpapantasyahan. Dagdag pa, sinasabi ng pag-aaral na isang porma ng seksuwal na karahasan ang fetishization para sa trans women, pambabastos ito sa kanilang pagkatao at kasarian. Para kay Maxine at sa marami pang trans pinay, hindi sila komportable sa mga ginagawang pagpapantasya ng lipunan, partikular ng mga lalaki, sa kanilang mga katawan.

Dagdag ni Maxine, hindi madali para sa kaniya bilang isang trans pinay na hawakan ang kaniyang ari. Ang bahaging ito ng kaniyang katawan ang nagpapaalala sa kaniya sa dati niyang pagkatao (bilang lalaki). At sa tuwing ginagamit niya ito sa kaniyang trabaho ay tila sinasampal siya ng realidad na kailanman ay hindi siya magiging “tunay na babae”.

“Dili g’yud ko ganahan na gunitan akuang oten kay feeling nako sumpa ni. Pero wala koy mabuhay kay need man para makakwarta.” [Hindi ko talaga gusto na hawakan ang ari ko dahil pakiramdam ko sumpa ito. Pero wala akong magagawa dahil kailangan ko rin ng pera.]

Patunay ang karanasan ni Maxine na ang fetishization ay isang porma ng seksuwal na karahasan na nagmumulto sa buhay ng mga prostituted na trans pinay. Sinasabi ni Tor Fletcher (2013) na ang karanasang ito ay bunga ng “pagtingin ng mga hindi trans na indibidwal na mayroon silang karapatang kuwestiyunin at siyasatin ang katawan ng trans (68).” Nagbubunga ang pagtingin na ito sa kanilang pagpapantasya sa mga katawang tinitingnan nila bilang iba sa kanila.

Ayon sa manunulat at transpeminista na si Julia Serano (2007), ang karanasan ng mga trans sa porma ng fetishization ay masasabing porma rin ng transmisogyny. Sa kaniyang librong, *Whipping Girl: A transsexual woman on*

*sexism and the scapegoating of femininity*, unang ginamit ni Serano (2007) ang terminong transmisogyny. Sa pagpapakahulugan, ang terminong ito ay nabuo upang bigyang-katawagan ang porma ng opresyon, pananamantala, at karahasan na nararanasan ng mga trans woman—mga danas na iba sa danas ng mga babae (cishet women) at kalakhan ng LGBTQIA+ (Sean Arayasirikul at Erin Wilson 2019). Ayon kay Serano (2007), ang transmisogyny ay nakakawing sa interaksyon ng dalawang konsepto ng seksismo, ang traditional at oppositional sexism. Ang traditional sexism ay ang ideya na ang pagiging lalaki at pagkalalaki ay mas angat sa pagiging babae at pagkababae. Samantalang ang oppositional sexism naman ay ang paniniwalang ang pagiging lalaki at pagiging babae ay dalawang magkaiba at magkalayong bagay (Serano 2007). Sa madaling sabi, ang transmisogyny ay isang pangungutya at pangmamaliit sa mga pangkasariang ekspresyon na tinitingnan bilang “pambabae” ng lipunan. Dahil dito, nagiging dahilan ang transmisogyny sa demonisasyon at seksuwalisasyon ng trans women, sa kadahilangang napapanatili ng transmisogyny ang paniniwalang mas lehitimo ang mga lalaki at babae (cisgender) kaysa mga trans (Arayasirikul at Wilson 2018; Serano 2007). Tinitingnan ang transmisogyny bilang sangandaan ng transphobia at misogyny, ang transphobia bilang pagkakaroon ng galit at pandidiri sa mga indibidwal na hindi sumusunod sa istereotipong pangkasariang ekspresyon ng lipunan (Hill at Willoughby 2005).

Isang halimbawa ng transmisogyny ang pagtingin ng lipunan sa trans women bilang mga hindi tunay na babae. Ang patuloy na pagtuturing sa kanila bilang mga lalaki ay ang tinatawag na microinvalidation—isa itong pagbabalewala sa kanilang pagkatao at kasarian (Derald Wing Sue et al. 2007). May mga karanasan ang mga kakilala kong trans pinay sa nasabing anyo ng transmisogyny. Ang pagtuturing sa kanila bilang mga hindi tunay na babae ng kanilang mga kostumer ay isang halimbawa nito. Ngunit, hindi lamang sa loob ng prostitusyon nararamdaman ng mga trans pinay ang ganitong uri ng diskriminasyon; maging sa labas ng kalakaran ay tinitingnan pa rin sila bilang mga hindi tunay na babae. Ang paulit-ulit na pagpapaalala sa kanila sa katauhang nais nilang kalimutan ay patunay lamang sa antas ng opresyon na kanilang hinaharap (Serano 2007).

Ang mga pangyayaring ito ay bunga ng paglalarawan ng lipunan sa trans women bilang mga “manloloko;” at dahil dito, kinakailangan nilang patunayan ang kanilang pagkatao sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga ari o ng kanilang “pagkalalaki” (Serano 2007). Ang imahe ng “manloloko” ring ito ang ginagamit ng mga kalalakihan (na pangunahing umaabuso sa trans women) bilang paliwanag kung bakit umaabot sa pananakit at pandarahas ang kanilang interaksyon sa mga trans woman. Ayon kay Serano (2007), ang pangyayaring ito ay dahil sa “predator-prey dichotomy,” o ang pagtingin na ang mga lalaki ay likas na mandaragit (predator) at ang mga babae ay biktima (prey). Dahil ang pangkasariang ekspresyon ng mga trans woman ay “babae,” nilililang nila ang mga lalaki na gawin silang mga seksuwal na bagay. Sa panahong nakadama ng panloloko ang lalaki ay nagreresulta ito sa pandarahas. Nagagap ang katotohanang



ito sa ibinahagi ni Maxine sa akin:

“Ingon ko sa mga costumer na dili daw ko babae. Mafeel sad nako na sakit, pero kailangan kay dira sila malipay pag baboyon ka sa istorya. Usahay inig gawas nako diri (cybora) mafeel nako na murag ang panan-aw sa mga tao sa akua kay lalaki gihapon. Wala siya’y pagbag-o.”

[Sinasabihan ako ng mga kostumer na hindi raw ako babae. Masakit siya sa pakiramdam, pero kailangan dahil doon sila mas sumasaya kapag pinagsasalitaan ka nila ng masama. Minsan, kapag umaalis na ako dito (cybora) nararamdaman ko na lalaki pa rin talaga ang tingin ng mga tao sa akin. Walang pinagbago.]

Patunay ang transmisogyny sa katotohanang kahit sa espasyong itinuturing ng mga trans pinay na isang “sanktuwaryo,” hindi pa rin sila ligtas hangga’t sila ay nasa loob ng lipunang tinitingnan sila bilang mga “mapagkunwari” at “mapanlinlang” (Serano 2007). Gayunpaman, tinitingnan ang mga diskriminasyong ito bilang maliliit na bagay lamang kung ikukumpara sa diskriminasyong nararanasan nila sa labas ng prostitusyon.

Ang diskriminasyong kinakaharap ng mga trans pinay ang nagiging dahilan kaya marami sa kanila ang kumakapit sa patalim upang mabuhay. Ito ay hindi lamang dahil marami sa kanila ang hindi nakapagtapos ng pag-aaral; madalas na dahilan ay ang hindi pagtanggap sa kanila sa mga trabaho dahil sa kanilang kasarian at seksuwalidad. Kaya marami sa kanila ay napupunta sa mga ilegal na gawain upang kumita. Isang halimbawa nito ang prostitusyon at pagbebenta ng katawan. Sa Pilipinas, nanatiling itinuturing ng batas na isang krimen ang prostitusyon (Sharmila Parmanand 2019). Sa katunayan, marami sa mga kakilala ni Maxine ang nahuli na dahil sa kanilang pagtatrabaho sa cybora. Maging siya ay natatakot din para sa kaniyang kaligtasan, ngunit wala siyang ibang mapagpipilian. Ang mga katulad ni Maxine at Miggy ay mukha ng mga trans woman sa Davao na pilit kinakalimutan at binubura ng Reyna Davaoeña.

Ang huling binigyan ko ng diin sa mga kuwalipikasyon ay ang bilang 9. Dito, kinakailangan na mayroong adbokasiya para sa “social inclusion” ang mga kalahok. Ngunit, nakakatawang isipin na sa mga naunang bilang ng kuwalipikasyon, hayag ang pagbubukod nila sa ibang mukha ng Trans Davaoeña, ang mga trans na may edad na, may pamilya, may anak, hindi nakapagtapos, at mga napilitang kumapit sa patalim. Ang pagbubukod na ito ay porma ng diskriminasyon. Muli, tama si Rojean sa pagsasabing diskriminasyon ang isa sa mga isyung kinakaharap ng mga LGBTQIA+, partikular ng mga trans woman sa lipunan, at tila ang mga espasyong nais bawiin mismo ng mga trans pinay ang nagpapanatili ng diskriminasyong ito. Ang Reyna Davaoeña ang patunay sa mukha ng mga trans Davaoeña na nais bigyan ng halaga sa Lungsod ng Davao, mga trans woman na “kaaya-aya,” mga tinitingnan bilang “katanggap-tanggap.” Nililimot nito ang mga nasa laylayan, ang mga pinagsasamantalahan.

## Ang mga Trans Pinay sa Batas

Noong 2012, binuo ng Sangguniang Panlungsod ng Davao, sa pamamagitan ng kanilang ika-48 Regular Session, ang Ordinance No. 0412-12, Series of 2012 o “An Ordinance Declaring Unlawful, Acts and Conduct of Discrimination Based on Sex, Gender Identity, Sexual Orientation, Race, Color, Descent, National or Ethnic Origin and Religious Affiliation or Beliefs and Penalizing the Same.” Inaprubahan ang ordinansang ito bilang “Anti-Discrimination Ordinance of Davao City.” Kabilang ang Davao sa mga lungsod sa Pilipinas na unang nagkaroon ng ordinansang ito (Cruz, Saballe, at Alegre 2015).

Sa ordinansa, ipinagbabawal ang anumang diskriminasyon, kabilang na ang pagtanggong tanggapin sa trabaho, hindi pagpapapasok sa paaralan, pagtanggong bigyan ng serbisyo, at pamamahiya. Ang lahat ng lalabag sa ordinansa ay may multang isang libo hanggang limang libong piso at maaaring makulong mula 10 hanggang 15 araw. Sa sitwasyon ng mga trans pinay sa Davao, hindi nasusunod ang ordinansang ito ayon na rin sa aking sariling danas at sa mga naibahagi ng mga kalahok sa aking pag-aaral.

Halimbawa nito ang karanasan ni Jam, 23 taong gulang, na huminto sa pag-aaral noong 2016 dahil hindi tinanggap ng isang pribadong paaralan sa dahilang isa siyang trans pinay. Pinipilit siya na pagsuutin ng panlalaking uniporme dahil umano siya ay “lalaki” pa rin kahit na magdamit babae pa. Ang pangyayaring ito ay hindi man lamang nabigyan ng atensiyon. Hindi na rin nagreklamo si Jam dahil ayon sa kaniya, wala na rin siyang magagawa kung ito ang batas ng paaralan. Noong ako ay nasa junior high school, pinapalabas ang lahat ng lalaki (istereotipong kasarian) sa mga silid-aralan tuwing unang Lunes ng buwan upang tingnan ang haba ng buhok. Kapag hindi akma sa sukat na nais ng paaralan, ginugupitan ito ng Prefect of Discipline upang mapahiya ang mag-aaral at mapilitang magpagupit. Marami sa aking mga kaibigan na trans pinay noon ang buwan-buwang nakakaranas ng pamamahiyang ito. Noong nasa senior high school ako, ganito rin ang aking nasaksihang karanasan ng mga trans pinay sa Davao. Bago kami makapasok sa paaralan, tinitingnan muna ang aming mga buhok, pati na kung “angkop” ba ang uniporme na aming suot. May mga kaibigan akong nagsimula nang mag-transition sa panahong ito, marami sa kanila ang nagsimula nang uminom ng pills (hormones) upang mabago ang hubog ng katawan kaya hindi sila komportableng magsuot ng panlalaking uniporme. Isa rito si Miggy na ipinaglaban ang kaniyang karapatang magsuot ng pambabaeng uniporme. Paulit-ulit na hindi pinapapasok si Miggy sa paaralan ngunit nagmatigas siya at araw-araw pa ring nagsusuot ng unipormeng pambabae. Gayunpaman, nagmatigas pa rin ang paaralan at hindi pumayag sa kagustuhan ni Miggy. Dahilan ito upang huminto si Miggy sa pag-aaral at kalaunan ay pumasok bilang sex worker<sup>6</sup> sa cybora (cybersex). Para kay Miggy, walang punto ang pag-aaral niya kung hindi rin tatanggapin ang kaniyang pagpapahayag ng sarili. Paninindigan niya, “Wala may labot akuang sinina sa akuang ka-bright uy!” [Wala namang epekto ang aking damit sa aking talino!].

Kagaya ng ibang trans pinay sa Davao, ilang beses ding naghanap ng trabaho

si Maxine, ngunit hindi siya tinatanggap dahil sa kaniyang kasarian. Ayon sa kaniya, sinubukan niyang mamasukan bilang isang fast food crew, ngunit hindi man lamang siya nakaabot sa interview. Para sa kaniya, ang kaniyang pagiging trans ang isa sa nakikita niyang dahilan. Dahil kailangan niyang kumita, pumasok siya sa cybora. Dito, hindi siya nakaranas ng panghuhusga. Kagaya ni Maxine, ganito rin ang karanasan ni Yasmine. Hindi siya tinanggap sa trabahong kaniyang sinubukang pasukan. Ngunit hindi kagaya ni Maxine, nakahanap si Yasmine ng pagtanggap sa loob ng mga call center. Dito malaya niyang naipapahayag ang kaniyang sarili. Hindi nakakapagtaka ang karanasan na ito ni Yasmine sa loob ng mga call center. Ayon kay Emmanuel David (2015), marami sa mga call center ang tumatanggap sa mga trans woman nang walang panghuhusga dahil na rin sa ambag nila sa industriya. Subalit, hindi sapat na isang industriya lamang ang tumatanggap sa mga trans pinay.

Sa usapin ng pamamahiya, araw-araw itong nararanasan ng mga trans pinay sa Lungsod ng Davao katulad na lamang ng mga panlalait. “Maglakaw ko ingnan ko sa mga tao og, “Bayot!” Usahay mukatawa ra sad ko aron wala nay samok, pero usahay akua sad silang syagitan og ‘laki!’ aron mahilom.” [Kapag naglalakad ako, sinasabihan ako ng mga tao na, “Bayot!” Minsan tumatawa na lang ako para walang gulo, pero minsan sinisigawan ko rin sila ng, “Laki!” (Bisaya para sa *lalaki*) para lang matahimik.]. Iyan ang ibinahagi sa akin ni Kim, 21 taong gulang, tungkol sa kaniyang karanasan sa tuwing lumalabas siya ng kanilang bahay. Naramdaman ko si Kim, ganito rin ang aking ikinatatakot sa tuwing nasa labas ako. Ngunit hindi kagaya niya, wala akong lakas ng loob na lumaban.

Kagaya namin ni Kim, ganito rin ang karanasan ni Nicky, 21 taong gulang. Palagi siyang nakakarinig ng mga panlalait lalo na kung sasabihin niya sa mga tao na siya ay isang babae. Pagbabahagi niya, “Mukatawa sila kung iingon nako nga ako si Nicky, si Nico g’yud daw ko.” [Tumatawa sila kapag sinasabi ko na ako si Nicky, kasi si Nico daw talaga ako.]. Hindi lamang si Nicky ang nakakaranas ng ganito, marami sa mga trans pinay ang hindi nakakatanggap ng respeto mula sa mga tao sa usapin ng lived name o chosen name. Kahit sa kamatayan, ang mga dead name pa rin nila ang ginagamit bilang pantawag sa kanila. Halimbawa nito si Kitkat Mae Fernin, isang trans pinay na binaril sa Davao. Sa mga balita siya ay si Marlon Fernin. Ang mga pangyayaring ito ang patunay sa sinasabi ng artikulo ni Eric Julian Manalastas (2013), na nailathala sa *Philippine Journal of Psychology*, na hindi natatapos sa kamatayan ang diskriminasyong nararanasan ng mga trans pinay sa Pilipinas. Ginagamit ng midya ang mga pangalan at kasarian ng mga trans pinay na nasa kanilang mga birth certificate. Ang tunay na pagkakakilanlan ng mga trans pinay ay nagiging mga alyas at minsan ay hindi nakakaabot sa mga balita.

Sa mga serye ng diskriminasyong nararanasan ng mga trans pinay sa Davao, nananatiling walang pangil ang Anti-Discrimination Ordinance ng lungsod. Hindi ito nagagamit upang maparusahan ang mga tao at establisimiyentong nagkakait

sa mga trans pinay sa kanilang mga karapatan. Patunay ang hindi pagiging epektibo ng Anti-Discrimination Ordinance ng Davao sa hindi pagbibigay-tuon at importansiya ng estado sa kapakanan at buhay ng mga LGBTQIA+. Isa marahil sa dahilan nito ay ang kawalan ng representasyon ng sektor ng LGBTQIA+ sa grupong nagpapatupad ng ordinansang ito.

Noong 2014, naglabas ng Executive Order No. 09 ang pamahalaan ng Davao. Ito ay upang buuin ang Anti-Discrimination Mediation and Conciliation Board of Davao City o AMDAC. Katungkulan ng AMDAC na tumanggap ng reklamo at mag-imbetiga sa mga paglabag sa Anti-Discrimination Ordinance ng Lungsod. Ngunit, wala ni isang miyembro ng AMDAC ang mula sa sektor ng LGBTQIA+ kahit na mayroong LGBT Davao City Coalition na nangunguna sa pagsusulong ng karapatan ng mga LGBTQIA+ sa lungsod. Ang kawalang ito ng representasyon ay isang patunay na hindi binibigyang-halaga ng Lungsod ng Davao ang diskriminasyong nararanasan ng mga LGBTQIA+ sa lungsod, partikular ang mga trans pinay.

## **Kongklusyon: “Ingon Ani Lang Man Gud Mi”**

“Ma-feel man namo na ginahatagan mi og importance diri sa Davao. Daghan ginahatag sa amua na mga pahalipay pag December, unya dili man sad kaayo ginahilabtan ang amuang mga trabaho. Kabalo man gud sila sa amuang power, daghan baya mi mga LGBT diri nga botante. Dako ang mawala sa ilaha kung ilaha ming biklon.”

[Nararamdaman namin na binibigyan kami ng halaga dito sa Davao. Maraming ibinibigay sa aming regalo kapag Disyembre, at hindi naman kami pinapakialaman sa aming mga trabaho. Alam nila ang kapangyarihan namin, marami kaming mga LGBT na botante rito. Malaki ang mawawala sa kanila kapag binangga nila kami.]

Sa gitna ng kabi-kabilang diskriminasyon na kinakaharap ng mga LGBTQIA+, partikular ng mga trans pinay sa Davao, nananatiling positibo ang kanilang pananaw sa buhay. Naniniwala sila na pinoprotektahan sila ng lokal na pamahalaan, kahit na noong 2019 nang sinabi ng dating alkalde ng lungsod na si Rodrigo Duterte na nagamot niya ang kaniyang pagiging “bakla” sa tulong ng mga “magagandang babae” (Jayson Gutierrez at Jennifer Jett 2019). Ang pahayag na ito ni Duterte ay patunay lamang ng kaniyang pagiging manhid sa istorya ng mga LGBTQIA+— hindi isang sakit ang pagiging bakla na basta lamang nagagamot.

Dagdag pa rito, noong Marso 2022, sinabi rin ng dating mayor ng Davao at ngayon ay bise presidente na si Inday Sara Duterte na siya ay bahagi ng LGBTQIA+. Ayon kay Inday Sara, mayroong pagkakataon na gusto niyang maging lalaki at mayroon ding mga pagkakataon na gusto niyang maging babae, mapapansin daw ito sa haba ng kaniyang buhok. Ang pahayag na ito ni Inday Sara ay sinabi niya sa harap ng mga LGBTQIA+ sa isa sa kaniyang mga rally para sa kaniyang kampanya

bilang susunod na Pangalawang Pangulo ng Pilipinas. Hindi isyu ang kasarian at seksuwalidad ni Inday Sara, ngunit ang kaniyang pagpoposisyon sa sarili bilang kakampi ng LGBTQIA+ ay taliwas sa kaniyang mga naunang pahayag tungkol sa isyung kinakaharap ng komunidad. Walang maayos na tindig si Inday Sara tungkol sa SOGIE Equality Bill na dalawang dekada nang ipinaglalaman ng komunidad. Noong 2019, nagpakita siya ng “suporta” rito ngunit sinabi na kinakailangan munang dumaan sa gender-affirming surgery ang mga trans woman bago gumamit ng palikuran para sa babae. Ito ay upang protektahan umano ang mga babae laban sa mga lalaking nagpapanggap lamang bilang bahagi ng LGBTQIA+ (Bea Cupin 2022). Sa pahayag na ito ni Inday Sara, makikita ang kawalan niya ng ganap na pag-intindi sa kung ano ang mga trans woman at pagpapakita lamang ng kaniyang baluktot at cissexist na paniniwala.

Ang pananaw na ito ng mga Duterte ay hindi binibigyang-pansin ng mga trans pinay sa Davao. Wala silang pakialam sa mga pahayag na ito, dahil para sa kanila mas mahalaga ang gawa kaysa salita. Natulungan sila ng mga Duterte, iyon ang mahalaga para sa kanila.

Noong 2018, mayroon akong mga kaibigang trans pinay na nahuli ng mga pulis dahil sa paglabag sa curfew ng lungsod. Dinala sila sa istasyon ng pulis at umaga na noong pinalabas. Nakaranas sila ng pang-aabuso sa loob, ginawang katatawanan at pinaparinggan ng mga malalaswang biro. Kung ipapasalaysay sa kanila ang naging karanasan, ginagawa na lamang nila itong biro. Ngunit, maisisingit ang linyang, “Ingon ani lang man gud mi.” [Ganito lang kasi kami.]. Hindi sila nagreklamo, hindi nagsalita; pakiramdam nila, sila ang may kasalanan. Sa panahong ito, hindi sila naprotektahan ng batas at ng mga Duterte. Isang patunay kung gaano nila minamaliit ang kanilang mga sarili, pagpapakita ito sa hindi nagawa ng pamahalaan ng Davao—ang bigyan ng boses ang mga trans pinay ng lungsod.

Sinasabi ng pamahalaan ng Davao na mayroong pagtanggap ang lungsod sa mga LGBTQIA+, partikular sa mga trans pinay. Ang patimpalak na Reyna Davaoeña ang sinasabing isa sa mga patunay. Nariyan din ang ipinagmamalaking Anti-Discrimination Ordinance ng lungsod na siya umanong tumitiyak na pantay ang pagtingin ng Davao sa mga nasasakupan nito, ano man ang seksuwalidad at kasarian. Ngunit, sa loob ng mga programang itong isinasapedestal bilang sagot laban sa diskriminasyon, nakakubli ang mga pagbubukod. Pinipili lamang ang isinasali at kinikilala. Matatag ang mga trans pinay sa Davao, alam nila ang kanilang lugar at ipinaglalaman nila ito. Ayon nga kay Rojean Buhian, “... transgender women are the real unicorns – our ability to strive, to drive, to claim our space of worth is a lesson...” [...ang mga babaeng trans ang totoong unicorn – ang aming abilidad na magsumikap, magpatuloy, at angkinin ang aming espasyo ay isang aral...]. Ngunit, hanggang saan at kailan tatayo ang mga trans pinay na sila lamang? Hanggang kailan mananatiling bulag at bingi ang lipunan sa kanilang mga panawagan?

## Endnotes

1. Gagamitin ko ang terminong trans pinay bilang pantawag sa mga trans woman na ipinanganak at/o namumuhay sa Pilipinas. Nagmula ang terminong ito sa Society of Transexual Women of the Philippines (STRAP) noong 2008. Sa terminong mula sa STRAP, isang salita lamang ang transpinay, sa sanaysay na ito pinaghiwalay ko ang salitang trans at pinay upang bigyang diin na ang kanilang danas bilang mga trans sa Pilipinas ay bunga ng iba't ibang salik na kaakibat ng kanilang pagiging Pilipina. Layunin ng paggamit ko ng terminong ito na bigyan ng sariling tanda at pagkakakilanlan ang mga trans woman sa Pilipinas, isang katawagang sinasalamain ang kanilang danas na iba at malayo sa danas ng mga trans woman sa Kanluran.
2. Nagmula ang terminong Trans Davaoña sa City Tourism Office ng Lungsod ng Davao. Sa panahon na sinusulat ko ang sanaysay na ito, wala pang trans pinay na mula sa Davao ang gumamit ng terminong bilang pagkilala sa sarili. Saganang akin, kinakailangan pag-aralan ang terminong ito dahil maaaring magamit ito upang bigyan ng sariling tanda ang mga trans pinay sa Davao. At upang makabuo rin ng isang terminong sinasalamain ang kanilang mga katotohanan.
3. Maingat kong ginamit ang terminong “pagkababae” sa sanaysay na ito, lalo at kinakailangan nating alpasan ang gender binary sa tuwing pinag-uusapan ang mga isyung may kinalaman sa kasarian at seksuwalidad. Umusbong ang terminong ito dahil sa datos na ibinahagi at aking nakalap. Malay ako sa bigat at pagiging sensitibo ng termino.
4. Ang seryeng ito ng magasing *Outrage* ay nagbibigay ng sulyap sa buhay at pamumuhay ng mga LGBTQIA+ sa bansa. Magandang tuntungan ito sa mga pag-aaral tungkol sa danas ng mga LGBTQIA+ sa bansa dahil malalim ang mga pagbabahagi ng mga indibidwal na kanilang nakapanayam.
5. Hindi ako komportable sa pagbabansag sa sexual reassignment surgery bilang “huling bahagi” ng pag-transition, lalo at hindi naman kaganagapan sa pagiging trans ang operasyong ito. Hindi nasusukat o nadidikta ng ari ang seksuwalidad at kasarian ng isang indibidwal. Marami rin sa mga trans pinay na aking kakilala ay mga pre-operated at non-transitioning.
6. Mainit ang pagpapalitan ng diskurso sa usapin ng sex work. Sa papel na ito, itinuturing ko na sex work ang cybora dahil ito ang sinasabi ng mga trans pinay na aking nakasalamuha. Ngunit, malay ang pag-aaral na ito na mayroong mga salik na labas sa kontrol ng mga trans pinay na nagiging dahilan sa pagpasok nila sa kalakaran.
7. Una kong narinig ang terminong “cybora” noong ako ay nasa high school. Masalimuot ang pagpapakahulugan sa “cybora.” Maaaring sabihin na ito ay parehong trabaho (cybersex prostitution) at lugar ng trabaho (cybersex den). Kinakailangan ng mas malalim na pag-aaral upang mahinuha ang ibig ipakahulugan ng terminong ito.

## Mga Sanggunian

- Alegre, Brenda R. 2018. “From bakla to transpinay: Transgender students in Philippine schools.” Nasa *Routledge international handbook of schools and schooling in Asia*, pinamatnugutan nina Kerry J. Kennedy at John Chi-Kin Lee, 864-871. New York: Routledge.
- Arayasirikul, Sean, at Erin C. Wilson. 2019. “Spilling the T on trans-misogyny and microaggressions: An intersectional oppression and social process among trans women.” *Journal of homosexuality* 66, no. 10: 1415-1438. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/00918369.2018.1542203>.

- Bolin, Anne. 1988. *In search of Eve: Transsexual rites of passage*. New York: Bergin & Garvey.
- Brower, Todd. 2013. "What's in the closet: dress and appearance codes and lessons from sexual orientation." *Equality, Diversity and Inclusion: An International Journal* 32, no. 5: 491–502. <https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/EDI-02-2013-0006/full/html?fullsc=1>.
- Bucholtz, Mary, at Kira Hall. 2004. "Theorizing identity in language and sexuality research." *Language in society* 33, no. 4: 469-515. <https://www.cambridge.org/core/journals/language-in-society/article/theorizing-identity-in-language-and-sexuality-research/2A3760ABD6C1E25FF247CF01AB354C06>.
- Chang, Heewon. 2016. *Autoethnography as method*, vol. 1. Routledge, 2016.
- Chu, Andrea Long. 2019. *Females*. Verso Books.
- Chu, Andrea Long. 2018. "On liking women." *n+1* 30: 47-62.
- Cruz, C. Joy, Charlese Saballe, at Brenda Alegre. 2015. "The social experience of trans people in the Philippines." *Nasa Transrespect versus Transphobia: The social experiences of trans and gender-diverse people in Columbia, India, the Philippines, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey and Venezuela*, pinamatnugutan nina Jan Simon Hutta at Carsten Balzer, 36-44. Berlin, Germany: Transrespect versus Transphobia Worldwide.
- Cupin, Bea. "In LGBTQ group event Sara Duterte talks about gender expression". *Rappler*, Marso 11, 2022. <https://www.rappler.com/newsbreak/inside-track/sara-duterte-lgbt-pilipinas-gender-expression/>.
- Davao City Tourism Operations Office. 2019. "Are you a modern Trans Davaoeña? Now is your time to join Reyna Davaoeña 2019." Facebook, January 29, 2019.
- David, Emmanuel. 2015. "Purple-collar labor: Transgender workers and queer value at global call centers in the Philippines." *Gender & society* 29, no. 2: 169-194. [https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0891243214558868?casa\\_token=yJ6Naf7hp9gAAAAA:4U7F0NQ9V2xpHsTACVkw8qZhyW\\_tg-hFAAH6kb1L\\_PWxSXieh0APwyZ-Qq2XbWnAajToJRj6OiP5Lg](https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0891243214558868?casa_token=yJ6Naf7hp9gAAAAA:4U7F0NQ9V2xpHsTACVkw8qZhyW_tg-hFAAH6kb1L_PWxSXieh0APwyZ-Qq2XbWnAajToJRj6OiP5Lg).
- De Piña Cabral, João. 2010. "The truth of personal names." *Journal of the Royal Anthropological Institute* 16, no. 2: 297-312. <https://rai.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/j.1467-9655.2010.01626.x>.
- Devor, Aaron, at Ardel Haefele-Thomas. 2019. *Transgender: A reference handbook*. California: ABC-CLIO.
- Donalek, Julie G. 2004. "Choosing among qualitative traditions." *Urologic Nursing* 24, no. 5: 409-410.
- Drew, Nancy. 1989. "The interviewer's experience as data in phenomenological research." *Western Journal of Nursing Research* 11, no. 4: 431-439.
- Emmelhainz, Celia. 2012. "Naming a new self: Identity elasticity and self-definition in voluntary name changes." *Names* 60, no. 3: 156-165. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1179/0027773812Z.00000000022>.
- Fletcher, Tor. 2013. "Trans sex workers: Negotiating sex, gender, and non-normative desire." *Nasa Selling Sex: Experience, Advocacy, and Research on Sex Work in Canada*, pinamatnugutan nina Emily Van der Meulen, Elya M. Durisin, at Victoria Love, 65-73. Vancouver: ubc Press.
- Gutierrez, Jayson, at Jennifer Jett. "Rodrigo Duterte Says He 'Cured' Himself from Being Gay". *New York Times*, June 3, 2019. <https://www.nytimes.com/2019/06/03/world/asia/duterte-gay.html>.
- Hill, Darryl B., at Brian LB Willoughby. 2005. "The development and validation of the genderism and transphobia scale." *Sex roles* 53, no. 7: 531-544. <https://link.springer.com/article/10.1007/s11199-005-7140-x>.

- Jones, Tiffany. 2013. *Advance Australia, Fairer: a submission to the inquiry by the Senate Legal and Constitutional Affairs Committee on the Sex Discrimination Amendment (Sexual Orientation, Gender Identity, and Intersex Status) Bill 2013*. Canberra: Australian Parliament. <https://researchers.mq.edu.au/en/publications/advance-australia-fairer-a-submission-to-the-inquiry-by-the-senat>.
- Laxamana, Kevin Chavez. 2021. "Trans-Form-Asians: The Liminal and Disrupted Lives of Singaporean and Balinese Transwomen Sex Workers." Master's thesis, University of Alberta, Canada.
- Malonzo-Balane, Cristina. "Transgender woman Mitch Talao: 'Ang nagpabuo po sa akin si baby Eros po talaga.'" *Push ABS-CBN*, March 19, 2019. <https://push.abs-cbn.com/2019/3/19/fresh-scoops/transgender-woman-mitch-talao-ang-nagpabuo-po-sa-204694>.
- Manalastas, Eric J. 2013. "Sexual orientation and suicide risk in the Philippines: Evidence from a nationally representative sample of young Filipino men." *Philippine Journal of Psychology* 46, no. 1: 1-13. [https://pages.upd.edu.ph/sites/default/files/ejmanalastas/files/manalastas\\_2013\\_fil\\_gay\\_suicide\\_risk.pdf](https://pages.upd.edu.ph/sites/default/files/ejmanalastas/files/manalastas_2013_fil_gay_suicide_risk.pdf).
- Parmaland, Sharmila. 2019. "The Philippine sex workers collective: struggling to be heard, not saved." *Anti-trafficking review* 12: 57-73. <http://www.antitraffickingreview.org/index.php/atrjournal/article/view/377>.
- Ratnam, Shan S., Victor H. H. Goh, at Wing Foo Tsoi. 1991. *Cries from within: Transsexualism, gender confusion & sex change*. Singapore: Longman Singapore.
- Reilly, Andrew., Jory M. Catalpa, at Jenifer K. McGuire. "Clothing fit issues for trans people." *Fashion Studies* 1, no. 2: 1-21. <https://doi.org/10.38055/F5010201>.
- Revita, Juliet. "Reyna banners social inclusion." *Sun Star Davao*, March 13, 2019. <https://www.sunstar.com.ph/article/1796767/davao/feature/reyna-banners-social-inclusion>.
- Serano, Julia. 2007. *Whipping girl: A transsexual woman on sexism and the scapegoating of femininity*. Hachette UK: Seal Press.
- Singh, Rod, direktor. 2018. *Mamu; And a Mother Too*. ABS-CBN Films.
- Stone, Sandy. 2013. "The empire strikes back: A posttranssexual manifesto." *Nasa The transgender studies reader*, pinamatnugutan nina Susan Stryker at Stephen Whittle, 221-235. Routledge.
- Sue, Derald Wing, Christina M. Capodilupo, Gina C. Torino, Jennifer M. Bucceri, Aisha M.B. Holder, Kevin L. Nadal, at Marta Esquilin. 2007. "Racial microaggressions in everyday life: Implications for clinical practice." *American Psychologist* 62, no. 4: 271-286. <https://psycnet.apa.org/buy/2007-07130-001>.
- Tan, Michael David. 2016. "Ang Rayna sa Dabaw." *Outrage*, Abril 12, 2016. <https://outragemag.com/ang-rayna-sa-dabaw/>.
- Tan, Michael L. 2001. "Survival Through Pluralism: Emerging Gay Communities in the Philippines." *Nasa Gay and Lesbian Asia: Culture, Identity, Community*, pinamatnugutan nina Gerard Sullivan at Peter A. Jackson, 117-142, New York: Routledge.
- Ussher, Jane M., Alexandra Hawkey, Janette Perz, Pranee Liamputtong, Jessica Sekar, Brahmputra Marjadi, Virginia Schmied, Tinashe Dune, at Eloise Brook. 2020. "Crossing boundaries and fetishization: experiences of sexual violence for trans women of color." *Journal of interpersonal violence* 37, nos. 5-6: NP3552-NP3584. [https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0886260520949149?casa\\_token=7\\_RGyPBF42cAAAAA:m90q3XJdtOxvJVdB9gbQZ0JWAH\\_mNu68rpISvjzksW8Jygr\\_5Fjab81ersgvdoSiNj\\_Ui9\\_tyPcXew](https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0886260520949149?casa_token=7_RGyPBF42cAAAAA:m90q3XJdtOxvJVdB9gbQZ0JWAH_mNu68rpISvjzksW8Jygr_5Fjab81ersgvdoSiNj_Ui9_tyPcXew).



VanderSchans, Arielle. 2016. "The role of name choice in the construction of transgender identities." *Western Papers in Linguistics* 1, no. 2: 1-21. [https://ojs.lib.uwo.ca/index.php/wpl\\_clw/article/view/834](https://ojs.lib.uwo.ca/index.php/wpl_clw/article/view/834).

Winter, Sam, Sass Rogando-Sasot, at Mark King. 2007. "Transgendered women of the Philippines." *International Journal of Transgenderism* 10, no. 2: 79-90.

#### TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Rey Mart Lapiña o Malaya ay isang non-transitioning trans woman mula sa Mindanaw. Siya ay nagtapos ng BS Anthropology sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, kung saan din siya kasalukuyang natuturo ng mga kursong Mindanao Studies at Visual Anthropology.

#### ABOUT THE AUTHOR

Rey Mart Lapiña or Malaya is a non-transitioning trans woman from Mindanao. She earned her BS Anthropology degree from the University of the Philippines Mindanao, where she currently teaches Mindanao Studies and Visual Anthropology courses.

